BALARAW
MARSO 2026
REBOLUSYONARYONG PANUNURING MASA

DAGITAB
2025

# ANG PAG-ABANTE NG SINING AT PANITIKAN KASABAY NG KILUSANG PAGWAWASTO

## ISANG REBYU SA REBOLUSYONARYONG LATHALAING PAMPANITIKAN

## DAGITAB, EDISYON 2025

**NI V. SANGGANGBAYAN**

Ganito ang inihahapag sa editoryal ng Dagitab 2025:

> Saksi at sukatan ng sumusulong na kilusang pagwawasto ang mga obrang sining na nililikha ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kasalukuyan. Hayaang ang mga pahina ng Dagitab ay maging bahagi ng buong katapangan, kabayanihan, kawalang takot at kawalang pag-iimbot na pakikibaka na sinasalunga ng bawat isa upang makamit na maging tunay na proletaryong rebolusyonaryo.

Bago sukatin ng papel-pagsusuring ito kung inabot ba ang tinuran, narito ang isang interpretasyon sa nabanggit na bahagi ng Editoryal:

Nagiging epektibo ang sining at panitikan kapag ang manlilikha ay kahalubilo ng kanyang paksa – masasalat dapat ang gaspang ng kabaguhan ng tula kung ito'y hindi humihingi ng paumanhin.  O kaya ay pula ang kulay ng dugo sa kuwento ng martir, pero malansa ito kung ibinubo ng mga pasista.  Maaari namang makahiwa kapag hasang-hasa ang talim ng mga sanaysay.  Makakawasak na tulad ng daluyong ang koleksyon ng mga akda kung malinaw nitong tinatarget kung ano ang nais na gibain, at para kanino naglilingkod ang mga ito.

Ganyan dapat sukatin ng mga mambabasa ang Dagitab 2025.

Mabisa ang ginawang pagpili na ilagay bilang pampagana ang dalawang maikling kuwentong *BHB, laging handa* ni Ka Human at *Kung AFP perwisyo, 'pag NPA serbisyo* ni Ka Arvhy.

Sa unang kuwento, ang mga mambabasa sa loob ng rebolusyunaryong kilusan ay kaagad na makakaramdam ng pagbabalik ng kumpyansa na nasa katayuan lagi ang Bagong Hukbong Bayan na ilunsad ang armadong pakikibaka.  Isang bagay ito na magpapasubali sa kampanyang disimpormasyon ng reaksyunaryong estado na *ragtag army* na lamang

ang NPA.

Ang ikalawang kuwento naman ay pagpapabulaan din, na hindi na umaani ng suporta mula sa mamamayan ang armadong kilusan ng CPP-NPA.  Sampal ito sa garapal na pahayag ng pasistang kaaway na "paglimas sa tubig para mahuli ang isda."

Sa koleksyon ng mga sanaysay na malinaw na natipon sa temang kuwento ng mga kasamang nakipamuhay sa NPA, gumamit ito ng *tried and tested* na *formula* – personal na karanasan gamit ang sariling POV.  Ganito sinanay ng mga burges na iskwelahan ang mga bata sa pagsusulat ng ***How did I spent my summer vacation.***

Katunayan, sa akdang ***Bakit ako lumalaban?***, tinuran ng awtor:

> Mula elementarya, natutuhan kong gamitin ang pagsusulat bilang sandata.  Sa pahayagan ng paaralan ko unang inirehistro ang galit sa estado.  Tahimik at nagtago sa iba't ibang alyas dala ang kagustuhang maisiwalat ang dungis ng sistemang umiiral.  Subalit sa bawat artikulong inililimbag ay alam kong may mga matang nagmamatyag.  Ngunit hindi nagtagal ay naging masikip ang mga pahina at hindi naging sapat ang tinta.  Kinailangan lumabas sa espasyo ng mga salita at harapin ang kongkretong realidad ng lipunan.

Magiging epektibo ang mga sanaysay sa mambabasang may pagkakahilig sa ganitong sulatin, lalo yaong mula sa petiburgesya.  Madaling maging *personal favorite* ang ***Mga alitaptap sa ilalim ng bituin*** at ***A glimpse of the countryside***.

Sasabihin marahil na puno ng romatisismo ang tula ni Ka Rain na ***Mga Hiling sa Aking Kaarawan***.  Subali't sadyang romantiko ang mga makata.  Walang mali kung maghangad ng katarungan para sa sambayanan ang mga rebolusyunaryo sa kanilang tula, sa halip na pangsariling kaginhawahan sa kanyang bertdey.

Nag-aalok naman ng pamilyar na karanasan sa ibang wika ang tulang ***Temperature*** ni Ka Rocks sa pakuwentong paraan ng isang dayuhan na nag-integra sa NPA, kung paano niya naunawaan ang digmang bayan na napaka-estranghero sa kanyang pinagmulan.  Pero ito ang kapangyarihan ng proletaryong internasyunalismo na isinasabuhay ng mga Komunista – na napapawi ang mga hangganan at pagkakaiba-iba sa hanay ng uring api.

'Ika ng makata ay:

*The pile of bao spontaneously ignites.*
*The flame illuminates the kusina and my spirit.*
*I'm reminded that contradictions are sharpest when change is on the horizon.*

*(Ang patas ng bao ay biglang nagliyab.*
*Tinanglawan ng apoy ang kusina at ang aking kaluluwa.*
*Nagpapaalalang ang tunggalian ay pinakamatalas kapag ang pagbabago ay abot-tanaw.)*

Napakalinaw ng kakanyahan ng panggatong na bao sa kanayunan ng Pilipinas, isang bagay na napakabanyaga sa North America.  Pero ang makauring paglaban ng uring anakpawis ay walang bansa, walang lahi, walang pagkakaiba ng oras at panahon – iisang kuko ng halimaw na imperyalismo ang sumasaklot sa buong daigdig – at ang paglaban ng mamamayan ay nasa ilalim ng iisang mapulang araw na patuloy na sumisikat.

Napakakaraniwan ng nais ipabatid ni RA Santiago sa tulang ***Signal payr*** – kung paano ginagawang tigreng papel ng Pulang Hukbo ang pasistang sundalo. Nguni't naging pambihira ang paksa dahil sa anyo ng panulaang hindi lamang sa salita naglaro, kundi maging sa taludturan nito. Isang kapangahasan ito sa pagtula na hindi madaling ipagtagumpay. Nagwagi ang makata sa kanyang tangka.

Sa pamagat pa lamang ng ***Magpakabihasa sa batas ng paggalaw*** ni Ka Silang, alam na ng mga pamilyar sa ***Ang Gerilya ay Tulad ng Makata*** na inspirado ito nito, sabihin pang itinaon sa *death anniversary* ni Ka Joma ang pagtatanghal sa naturang tula. Sadyang imortal ang sinuman hangga't patuloy siyang ginugunita. Ganito ito nagsilbing tulay sa kasunod na kabanata ng koleksyon na nag-alay ng mga tula para sa ***Alaala ng mga Rebolusyunaryong Martir.***

Damang-dama ang kawalang-kamatayan ng mga kasamang nagbuwis ng buhay sa tulang ***Dokards***. Inaalala ang akala mong napakaordinaryo, pero umaapaw pala sa kabuluhan ang pang-araw-araw nilang ambag:

> Duktor ng *double jam* o batangal
> mga kalawang na 'di matanggal
> o aksidenteng pagkabali ng *butt*

Magtatapos ang Dagitab sa mga aabangang awit na sana'y mapalagay sa Spotify, kung hindi man ay mapagpasa-pasahan ng mga masang aktibista sa baryo, pabrika, komunidad o eskwelahan. Aabangan din tiyak ang *live* na pagtatanghal ng *comedy skit* na ***Chikad Maglulukad,*** pero kailangang pumasok ng sonang gerilya para masaksihan ito. At sa huling pahina ay nabubuhay ang nakasulat na liham sa gitna ng *messaging app, email* at *social media.*

Sinipat ang Dagitab 2025 sa rebyung ito sa maaring maging pagtanggap at reaksyon ng mga mambabasang nasa loob ng rebolusyunaryong kilusan, yaong mga taong kasalukuyang nakikipagsabayan sa pagpupunyaging makumpleto at maipagtagumpay ang kilusang pagwawasto.

Walang duda na maraming pag-abante ang makikita sa pinakahuling koleksyon sa Dagitab, lalo at nakatuon ang edisyong ito para pumaksa sa kasalukuyang Kilusang Pagwawasto. Kahilera ng ganitong pagtupad sa Kilusang Pagwawasto ang paglikha ng sining at panitikan. Kung itinuturo ng Kilusang Pagwawasto na malalim na umugat sa masa para pamunuan ang demokratikong rebolusyong bayan, ito rin ang hamon sa mga manunulat at artista ng Dagitab 2025 – kung paano lilikha ng mga akda at pyesa na kapiling ang masa. Yaong mga akdang hindi naga-*alienate* sa mambabasa, kung minsan nga ay nagtataboy pa sa simpatya nila.

Kung ganoon ay ano naman kaya ang posibleng pagtingin ng karaniwang mamamayan, silang lutong-luto ang isip sa rekado ng *fake news*, disimpormasyon at *reimagined* na lipunan sa tulong ng AI?

Oo, kailangang sukatin din ito.

Hindi ang papel-pagsusuring ito ang gagawa ng panukat na iyan, sa halip dapat na maging tungkulin ang pagpapalaganap ng Dagitab 2025, popularisasyon, paggamit bilang materyales sa pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos; at habang ginagawa ito ay marapat na maging bukas, malakas ang pakiramdam at mapagpakumbaba sa kritika ng masang tagatunghay. Labanan dapat ang

*gatekeeping* at pagpupusturang ang sining at panitikan lamang ng kilusan ang may monopolyo ng wastong interpretasyon sa kasalukuyang mga kaganapan.

Napapanahon ngayon ang pag-aaral at pagbabalik-aral sa mayamang dokumento ng rebolusyunaryong kilusan na pumapatungkol sa sining at panitikan. Dapat na magpakabihasa sa mga teorya at lagom na aral sa mahabang karanasan sa larangang ito. Katumbas ng pag-uuwido sa sining at panitikan ang empirisismong mortal na kaaway sa ideolohiya, hindi ito dapat mamarali sa hanay ng mga artista at manunulat ng rebolusyunaryong kilusan.

Magbabago ang mga *art style*. Ang mga naglalabasang anyo ng sining at panitikan sa panahon ng *internet* ay hindi ngayon lamang nauso. Magkakaroon lagi ang mga manggagawang pangkultura ng bago, naiiba, kakatwa, pwede ring wala-sa-hulog na atake (pamamaraan) sa sining at panitikan.

Kaya hindi dapat sobra-sobrang magpakaabala (pero dapat mag-abala) sa ano ang uso at hindi. Ang pampulitikang nilalaman pa rin ang laging batayan ng anumang sining. At ito ay *non-compromising*. *Unapologetic*.

At ang porma? Habambuhay itong maaaring pagdebatehan. Umuunlad at nagbabago ang *art form* depende sa panahon ng kanyang pag-iral. Sa panahon ng kilusang pagwawasto, may mga lilitaw na anyo ng sining at panitikan na repleksyon ng pagpapanibagong-hubog ng mga manggagawang pangkultura. At ang mas mahalaga, lilitaw ang mga sining at panitikan para sa pagpapalakas ng rebolusyon patungong pagbabagong panglipunan.

Mainam na tapusin ang rebyung ito sa pamamagitan din ng pagsipi sa isang bahagi ng Editoryal:

> Sinusukat ang paggagap ng isang rebolusyonaryong pwersa sa teoryang MLM sa paraan ng pag-aaral, pag-iisip at pagpili nito ng mga patakaran, programa, plano at hakbanging angkop sa kongkretong kalagayan at ang kapangahasang ipatupad ito upang iabante ang mga layunin at programa ng Partido. Makikita ito sa pagtatakda ng mga pangkalahatan at partikular na panawagan sa bawat pihit ng sitwasyon, sa implementasyon ng mga plano, sa bawat liko, sa bawat detalye. Makikita ito sa pagkatas ng mga gintong aral hanggang sa pagsasagawa ng mga kaliit-liitang pasyang kolektibo at indibidwal upang lutasin ang lahat ng kakaharaping problema sa kurso ng pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa para sa demokratikong rebolusyong bayan. At sa huli, makikita ito kung naisasalin sa praktika, sa pananalita, sa pang-araw- araw na buhay ng mga kasama at masa. Makikita itong higit sa awit, tula, dula, sanaysay, nobela, drowing, bidyo, sine at iba pang mga likhang sining at panitikan ng masa at rebolusyonaryong pwersa. **B**